Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 8-Modyul 29: Pagsulat ng Maikling Usapan Gamit ang Magagalang na Pananalita/Pagbati



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Filipino – Grade 4
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan - Modyul 29: Pagsulat ng Maikling Usapan Gamit ang Magagalang na Pananalita/Pagbati
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – sipi.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala *(publishers)* at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Division of Valencia City
Tagapamanihala ng mga Paaralan: Rebonfamil R. Baguio

**Bumuo sa Pagsulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Jean A. Manuel |
| **Editor:** | Cathyrine D. Melos |
| **Tagasuri:** | Emelita F. Rey, PSDS<br>Maria Elena T. Romualdo |
| **Tagalapat:** | Ma. Gelyn G. Zerna<br>Rommel C. Villa |
| **Ilustrador:** | Madilyn P. Saphlot |
| **Layout Artists:** | John Rimmon I. Taquiso |
| **Tagapamahala:**<br>**Chairperson:** | Rebonfamil R. Baguio<br>*Tagapamanihala ng mga Paaralan* |
| **Co-Chairperson:** | Eugene I. Macahis, Jr.<br>Asst. Schools Division Superintendent |
| **Mga Kasapi:** | Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES<br>Noemie M. Pagayon, EPS-Filipino<br>Analisa C. Unabia, EPS-LRMS<br>Loan Sirica V. Camposo, Librarian II<br>Israel C. Adrigado, PDO II |

Inilimbag sa Pilipinas ng:
Kagawaran ng Edukasyon-Sangay ng Lungsod ng Valencia
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

# 4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 8-Modyul 29: Pagsulat ng Maikling Usapan Gamit ang Magagalang na Pananalita/Pagbati

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa pampublikong paaralan. Hinihikayat naming ang mga guro at iba pang nasa larangan ng edukasyon na ipadala ang inyong mga puna, komento at rekomendasyon sa pamamagitan ng email sa Kagawaran ng Edukasyon sa Region 10@Deped.Gov.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon ● Republika ng Pilipinas**

## *Ang modyul na ito*

- Ang modyul na ito ay inihahandog para sa Ikaapat na Baitang na mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.
- Matututunan mo sa modyul na ito ang tungkol sa pagsulat ng maikling usapan gamit ang magagalang na pananalita/pagbati.
- Naghanda ako ng mga halimbawa ng mga sitwasyon na makatutulong sa iyo upang lalo mong maintindihan ang paksa.
- Mayroon din itong pagsasanay upang lalo kang humusay sa araling ito.



***Mga Tala para sa Guro***

Ang aralin ay nakasentro kung saan masusukat ang kakayahang umintindi ng mag-aaral. Mainam na sa pagbibigay ng puntos ay maghanda ka ng *rubric* at *criteria* na pagbabasihan mo ng katumbas na puntos ng kanilang mga sagot. Lalung–lalo na sa nga pagsasanay o sitwasyon na nangangailangan ng *logical* na eksplenasyon.



## *Alamin*

Pagkatapos gawin ang mga pagsasanay sa modyul na ito, ang mga bata ay inaasahang mapaunlad ang mga sumusunod na kasanayan:

Layunin:

1. Nakasusulat ng maikling usapan na gumagamit ng magagalang na pananalita/pagbati sa iba't ibang okasyon o pagdiriwang


## *Paano matuto sa Modyul na ito:*

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na mga hakbang;

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay.

## *Mga Icons sa mga Modyul na ito*

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa inyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin. |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan. |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin. |
|  | Suriin | Ito ay ang pagtatalakay sa pamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang iyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang iyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto. |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |



## *Subukin*

**Panuto:** Sagutin.

1. Ano ang sasabihin mo kung kaarawan ng iyong Nanay?
   ______________________________________________
2. Paano mo babatiin ang iyong kaibigan sa Pasko?
   ______________________________________________
3. Kung dadalaw ka sa may patay, ano ang sasabihin mo sa pamilya? _____________________________________
4. Paano mo babatiin ang bagong kasal?
   ______________________________________________

# Aralin 1

# Pagsulat ng maikling Usapan Gamit ang Magagalang na Pananalita/Pagbati



## *Balikan*

A. Isulat sa patlang ang kasingkahulugan ng mga salita. Pumili sa iskrol ang tamang sagot.

| | | |
|---|---|---|
| 1. mayaman | _______________ | kapareho |
| 2. katulad | _______________ | kuripot |
| 3. maramot | _______________ | matibay |
| 4. malala | _______________ | malubha |
| 5. malakas | _______________ | masalapi |



## *Tuklasin*

Basahin ang usapan.

| | |
|---|---|
| Nanay: | Rica, halika anak. Maari ka bang pumunta sa palengke? |
| Rona: | Bakit po Inay? Ano po ba ang ipabibili ninyo? |
| Nanay: | Narito sa listahan ang mga bibilhin mo. Pagkatapos, pakibili mo na rin ng gamot si Junior sa botika. |
| Rona: | Sige po Inay, paalam na po. |
| | *(Pagkatapos ng ilang oras)* |
| Rona: | Inay, narito na pong lahat ang mga ipinabili ninyo. |
| Nanay: | Maraming salamat anak at talagang maaasahan ka. |

Isulat ang mga magagalang na pananalita o pagbati na ginamit sa usapan.

_________________________

_________________________

_________________________

_________________________



## *Suriin*

Ang magagalang na pagbati o pananalita ay ginagamit sa iba't ibang paraan. Sa kabuuan ang paggamit ng mga ito ay nagpapakita ng respeto at paggalang sa kausap.


Narito ang ilang mga magagalang na pananalita o pagbati at kung kailan sila ginagamit.

| | |
|---|---|
| po, ho, opo | Pagsagot sa tawag |
| Makiraan po | pakikiraan |
| Salamat po | pagpapasalamat |
| Maaari po ba? | Paghingi ng pahintulot |
| Walang ano man | Pagsasagot pasasalamat |
| Magandang umaga/gabi/hapon po | pagbati |
| Pasensya na po | Paghingi ng paumanhin |
| Paki…. | Paghingi ng tulong |


## *Pagyamanin*

Sulatan ng angkop na usapan sa bilog.

**Sitwasyon 1:** Naglalaro sina Alma at Tina. Di sinasadya ay natapakan ni Tina ang paa ni Alma.




**Sitwasyon 2**: Kumain ang mag-anak sina Sonia at Rey. Gustong kumuha ng ulam si Sonia pero malayo sa kanya.



## *Isaisip*

**TSART NG SEKRETONG MENSAHE (TSM)**

kaliwang bahagi

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **6** | D | E | NG | H | P | U |
| **5** | Q | A | W | N | L | N |
| **4** | J | I | O | Y | S | D |
| **3** | Z | T | M | F | R | B |
| **2** | C | K | F | X | T | R |
| **1** | B | L | U | G | E | A |
| | **1** | **2** | **3** | **4** | **5** | **6** |

ilalim na bahagi

Paraan ng paggamit

1. Hanapin sa TSM ang letrang kinatawan ng bawat pares ng numero.
2. Ang unang numero sa pares ay kinuha sa mga numero sa kaliwang bahagi ng TSM. Ang ikalawang numero naman sa pares ay kinuha sa mga numerong nakasulat sa ilalim ng TSM. Ang letrang nasa kahon sa pinagtatagpuang ng pares ng numero ang siyang letrang kinakatawan ng pares na ito.

Halimbawa:

(3,3), (5,2), (6,4), (5,2), (5,5)

Ang larawang kinakatawan ng paris ng numerong 3at 3 ay **M**, 5 at 2 ay **A**, 6 at 4 ay **H**, 5 at 2 ay **A** at 5 at 5 ay **L**. Kaya kung pagsama-samahin ang mga letrang nabuo ay ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga paris ng numero, mabubuo ang salitang **MAHAL.**

1. (4,5), (5,2), (5,5), (5,2), (3,3), (5,2), (3,2)

   ____________________ po

2. (3,3), (5,2), (5,5), (4,2), (1,4), (5,2), (4,4). (5,2) (5,4), (1,4) (2,2), (5,2), (5,2), (2,6), (5,2), (5,3), (5,2), (5,6)

   ____________________

   ____________________


3. (3,3), (5,2), (1,4), (5,2), (5,4), (6,1), (5,2), (5,4), (1,4) (1,3), (3,3), (5,2), (1,4), (5,2)

   __________________

   __________________po

4. (3,3) (5,2), (2,2), (4,2), (2,6), (5,2), (5,2), (5,6)

   __________________ po



***Isagawa***

Gumawa ng maikling usapan.

**Sitwasyon:**

Isang umaga, nakita ni Rico na maraming dala ang kanyang guro na si Gng. Cruz.

Rico: ____________________________________________

Gng. Cruz: ____________________________________________

Rico: ____________________________________________

Gng. Cruz: ____________________________________________

## *Tayahin*

Bilugan ang titik ng tamang sagot

1. Dadaan ka sa gitna ng iyong nanay at guro na nag-uusap. Ano ang sasabihin mo?
   A. Paraan po.
   B. Padaan nga ako
   C. Makikiraan nga po
   D. Mawalang galang po. Puwede pong makiraan.
2. Isa itong magalang na pananalita na ginagamit kapag sumasagot sa matatanda. Ano ito?
   A. Mawalang galang po
   B. Mano po
   C. Opo
   D. Magandang umaga
3. "Magandang hapon mga bata," bati ng guro sa klase. Alin ang magalang na sagot dito?
   A. Magandang hapon.
   B. Magandang hapon po naman.
   C. Magandang araw sa inyo.
   D. Magandang hapon para bukas.
4. Kaarawan ni Manilyn. Paano mo siya babatiin?
   A. Magandang Araw!
   B. Maligayang Kaarawan!
   C. Maligayang Pagdating!
   D. Maligayang Pasko!

## *Karagdagang Gawain*

Gumawa ng isang usapan sa sitwasyon.

1. Magpapaalam si Allan sa kanyang nanay na maggawa ng proyekto sa bahay ng kanyang kaklase.

   Allan: ______________________________________________

   Nanay: _____________________________________________

   Allan: ______________________________________________



## *Susi ng mga Sagot*

| Balikan |
| --- |
| 1.masalapi |
| 2.kapareho |
| 3.kuripot |
| 4.malubha |
| 5.matibay |

| Pagyamanin |
| --- |
| Sitwasyon 1 |
| Tina: Pasensya na Alma, hindi ko sinasadya. |
| Alma: Walang anuman,Tina |
| |
| Sitwasyon 2 |
| Sonia: Kuya Rey, pakiabot mo ang ulam? |
| Sonia: Maraming salamat po, Kuya Rey. |

| Isaisip |
| --- |
| 1.salamat po |
| 2.Maligayang Kaarawan |
| 3.Magandang Umaga po |
| 4.Makiraan po |

| Tayahin |
| --- |
| 1.D |
| 2.C |
| 3.B |
| 4.B |
| |

| Isagawa |
| --- |
| Rico: Magandang umaga po, Gng. Cruz. |
| Gng. Cruz: Magandang Umaga naman Rico. |
| Rico: Akon a po magdadala sa dala ninyo? |
| Gng. Cruz: Maraming salamat Rico. |

| Karagdagang Gawain |
| --- |
| Allan: Nanay puwede po ba akong pumunta sa bahay ng aking kaklase para maggawa ng aming proyekto? |
| Nanay: Sige anak basta mag-uwi ka kaagad pagkatapos. |
| Nanay: Opo nanay! Maraming salamat po. |
| Karagdagang Gawain |

***Mga Sanggunian:***

Aragon, Angelita L., N.B. Montojo, M.F. Faminiano, M.A. Barza. (1993). Mga Alamat at iba pang mga Kuwento. Tru-Copy Publishing House, Inc.

Calatrava, Sancho C., M.R. Jaurique, F.B. Rafael, D.S. de Castro, J.R. Brana, M.H. Umadhay, C. Reyroso, A. Gime, R. de los Reyes, A.Z. Soniega, F.C. Guinto, Y.S. Maligaya, A.M. Aranzanzo, M.J. Derla, G.D. Badillo, A.D. Jabines. (2015). Yaman ng Lahi 4 LM.SunshineInterlinks Publishing House, Inc.

Calatrava, Sancho C., M.R. Jaurique, F.B. Rafael, D.S. de Castro, J.R. Brana, M.H. Umadhay, C. Reyroso, A. Gime, R. de los Reyes, A.Z. Soniega, F.C. Guinto, Y.S. Maligaya, A.M. Aranzanzo, M.J. Derla, G.D. Badillo, A.D. Jabines. (2015). Yaman ng Lahi 4 TG.SunshineInterlinks Publishing House, Inc.

Garcia, Florante C. at Priscila J. Anastacia. (2019). Pintig ng Lashing Pilipino 4.SIBS Publishing House, Inc.

Lalunio, Lydia P. at Francisco G. Gil. (2000). Hiyas sa Wika at Pagbasa 4 Manwal ng Guro. LG & M Corporation

Para sa anumang katanungan o puna, maaring ipadala sa

pamamagitan ng sulat o tumawag sa:

Kagawaran ng Edukasyon- Sangay ng Lungsod ng Valencia

Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615